


PATNUBAY SA MISA



1 Nobyembre 2020

Dakilang Kapistahan ng mga Banal

Taon A

Ang Kaligtasang Bunga ng Tiyagang Tumalima sa mga Turo ni Kristo



Tayo ay nagdiriwang ng Dakilang Kapistahan ng Lahat ng mga Banal. Ang mga alagad ni Kristo ay mahahati sa tatlong pangkat. Ang una ay ang Simbahang Naglalakbay na binubuo ng mga taong nakikibaka pa sa mga hamon ng daigdig na ito. Ang ikalawa ay ang Simbahang Naghihirap na binubuo ng mga taong yumao na ngunit nililinis pa sa kanilang mga kamalian at pagkukulang bago makapasok sa ligayang walang hanggan. Ang ikatlo ay ang Simbahang Maluwalhati. Ito ay binubuo ng mga banal na nagtatamasa na ng saya at kapayapaang hindi kailan man magwawakas.

Ang mga banal na ito ang ating pinararangalan sa araw na ito. May ilan sa kanila ay kakilala natin. Marami sa kanila ay hindi natin kilala. Subalit nasa kanila na ang ligayang ating inaasahan pa lamang makamit sa katapusan ng ating buhay. Natamo nila ito dahil sa kanilang tiyagang tumalima sa mga turo ni Kristo.

Subalit ang ating talagang pinararangalan at pinasasalamatan sa Dakilang Kapistahan ito ng Lahat ng mga Banal ay ang Poong Maykapal. Ang kanilang tagumpay sa mga pagsubok ng buhay na ito ay dahil sa lakas na ibinigay ng Diyos. Ang kanilang walang hanggang kaligayahan ay handog ng Diyos. Ito ay hindi talaga gantimpala ng Diyos, dahil wala naman talagang magagawa ang tao para makapasok sa kalangitan. Ang lahat ay dahil sa dakilang awa at habag ng Diyos. Maawa rin sana at mahabag ang Diyos sa atin upang makasama rin natin sa takdang panahon ang lahat ng mga banal sa kaharian ng langit.

PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Halina't tayo'y magdiwang sa araw ng mga banal na pinagsasayang tunay ng anghel sa kalangitan sa pagpuri sa Maykapal.

Pagbati

P –Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong huwaran ng kabanalan, ang pag-ibig ng Diyos Amang maawain, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong nagpapabalan ay sumainyong lahat!

B –At sumaiyo rin!

Pagsisi

P –Tayo ay binibigyan ng Diyos ng pag-asang mapuspos ng kabanalan. Para sa ating pagwawalang-bahala sa handog na ito, humingi tayo sa Panginoon ng kapatawaran. (Manahimik saglit.)

P –Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa iyong dakilang balak para sa ating kaligtasan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming kawalan ng pag-asang magtiyaga para matamo ang ligayang iyong ipinangako sa iyong mga alagad, Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming nanlalamig na pagmamahal na siyang susi ng kapayapaang walang kupas na aming inaasam, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pina-

This issue of Patnubay sa Misa may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. Thank You!

sasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, ipinagkaloob mong aming maparangalan sa isang dakilang kapistahan ang kagitingan ng lahat ng iyong mga banal. Iniluluhog namin, pakundangan sa napakaraming dumadalangin, na paapawin mo sa amin ang kinasasabikang batis ng iyong awa sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Pah 7:2-4.9-14

Ang Aklat ng Pahayag ay naglalarawan ng kaligtasan ng “napakaraming taong di kayang bilangin ninuman.” Ito’y nagpapataba ng puso dahil binibigyan tayo ng pag-asang makakasama sa kanila sa katapusan ng ating buhay. Humingi tayo ng tulong sa Diyos na magtagumpay “sa kabila ng mahigpit na pag-uusig” at maging malinis “sa dugo ng Kordero.”

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Pahayag

Ako’y si Juan, at nakita kong umaakyat sa gawing silangan ang isa pang anghel, taglay ang pantatak ng Diyos na buhay. Humiyaw siya sa apat na anghel na binigyan ng Diyos ng kapangyarihang maminsala sa lupa at sa dagat, “Huwag muna ninyong

pinsalain ang lupa, ang dagat, o ang mga punongkahoy. Hintayin ninyong matatakan sa noo ang mga lingkod ng ating Diyos.” At sinabi sa akin ang bilang ng mga tinatakan – sandaa’t apatnapu’t apat na libo buhat sa labindalawang lipi ng Israel.

Pagkatapos nito’y nakita ko ang napakaraming taong di kayang bilangin ninuman! Sila’y mula sa bawat bansa, lahi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadami ng puti at may hawak na mga palaspas. Sabay-sabay nilang sinabi, “Ang kaligtasan ay mula sa Kordero, at sa ating Diyos na nakaluklok sa trono!” Tumayo ang lahat ng anghel sa palibot ng trono, ng matatanda, at ng apat na nilalang na buhay. Sila’y nagpatirapa sa harap ng trono at sumamba sa Diyos. Ang wika nila, “Amen! Sa ating Diyos ang kapurihan, kadakilaan, karunungan, pasasalamat, karangalan, kapangyarihan, at kalakasan magpakailanman! Amen!”

Tinanong ako ng isa sa matatanda, “Sino ang mga taong nakadami ng puti, at saan sila nanggaling?” “Hindi ko po alam,” tugon ko. “Kayo ang nakaaalam.” At sinabi niya sa akin, “Sila ang mga nagtagumpay sa kabila ng mahigpit na pag-uusig. Nilinis nila at pinaputi sa dugo ng Kordero ang kanilang damit.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 23

B—Panginoon, ang bayan mo ay dumudulog sa iyo!

R. M. Velez

Pa-ngi-no --on, ang ba-yan mo
ay du--mu--du--log sa 'yo!

* Ang buong daigdig, lahat ng naroon, may-ari’y ang Diyos, ating Panginoon; ang mundo’y natayo at yaong sandiga’y ilalim ng lupa, tubig kalaliman. *B.*

* Sino ang marapat umahon sa burol, sa burol ng Poon, sino ngang aahon? Sino’ng papayagang pumasok sa templo, sino’ng tutulutang pumasok na tao? Siya, na malinis ang isip at buhay, na hindi sumamba sa diyus-diyusan; tapat sa pangako

na binibitiwan.

B.

* Ang Panginoong Diyos, pagpapalain siya, ililigtas siya’t pawawalang-sala. Gayon ang sinumang lumalapit sa Diyos, silang lumalapit sa Diyos ni Jacob. *B.*

Ikalawang Pagbasa 1 Jn 3:1-3

Ang Unang Sulat ni San Juan ay nagpapaliwanag ng kahihinatnan ng mga anak ng Diyos. Ipinangako sa ating tayo’y matutulad kay Kristo sa muling pagparito niya.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

Mga pinakamamahal: Isipin ninyong kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama! Tinatawag niya tayong mga anak ng Diyos – at iyan ang totoo. Ito ang dahilan kung bakit hindi tayo nakikilala ng mga makasanlibutan: hindi nila kinikilala ang Diyos. Mga minamahal, sa ngayon, tayo’y mga anak ng Diyos, ngunit hindi pa nahahayag ang magiging kalagayan natin. Gayunman, alam nating sa pagparitong muli ni Kristo, tayo’y matutulad sa kanya, sapagkat makikita natin siya sa kanyang likas na kalagayan. Kaya’t ang sinumang may pag-asa sa kanya ay nagpapakalinis, tulad ni Kristo – siya’y malinis.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!

Kayong mabigat ang pasan ay kay Hesus maglapitan upang kayo’y masiyahan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 5:1-12

Ang tiyaga ay mahalaga sa mga alagad ni Kristo. Hindi kaagad ang matatamang kaligayahan ng mga tumatalima sa turo niya. Ang gantimpala ng mga aba, nahahapis, mapagpakumbaba, mahabagin, malinis ang puso, at pinag-uusig ay sa wakas ng panahon pa lamang matatamo. Sa ating tiyaga ay makasama sana tayo sa mga makakasama sa kaharian ng Diyos.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nang ma-

kita ni Hesus ang napakaraming tao, umahon siya sa bundok. Pagkaupo niya'y lumapit ang kanyang mga alagad, at sila'y tinuruan niya ng ganito: "Mapalad ang mga aba na wala nang inaasahan kundi ang Diyos, sapagkat makakasama sila sa kanyang kaharian. Mapalad ang mga nahahapis, sapagkat aaliwin sila ng Diyos. Mapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat tatamuhin nila ang ipinangako ng Diyos. Mapalad ang mga nagmimithing makatupad sa kalooban ng Diyos, sapagkat ipagkakaloob sa kanila ang kanilang minimithi. Mapalad ang mga mahabagin, sapagkat kahahabagan sila ng Diyos. Mapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos. Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagkakasundo, sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak niya. Mapalad ang mga pinag-uusig dahil sa kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos, sapagkat makakasama sila sa kanyang kaharian. Mapalad kayo kapag dahil sa aki'y inaalimura kayo ng mga tao, pinag-uusig at pinag-wiwiwaan ng lahat ng uri ng kasamaan na pawang kasinungalingan. Magdiwang kayo at magalak, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika,

sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Hingin natin sa Diyos na kayanin nating sundin ang mga turo ng Panginoong Hesus tungo sa buhay na banal. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

B – Amang bukal ng kabanalan, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang pangunahan nila ang kanilang kawan sa pagtahak sa daan ng kabanalan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic*, upang ang kanilang hirap sa panunungkulan sa taong-bayan ay maging susi ng kanilang kabanalan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga kumikilos sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19*, at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang puspusin sila ng kabanalan ng Espiritung Banal para sa kanilang mga paghihirap, manalangintayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat ng mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay ating matutunan na sa pagtahak sa daan ng kabanalan ang landas tungo sa panunumbalik ng pagkakaisa sa Simbahan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat nating kapatid na yumao: Tanggapin nawa sila sa kaligayahan ng buhay na walang hanggan sa langit, sa awa ng Diyos at pamamagitan ng lahat ng santo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat na nananalangin sa Linggong ito, upang hindi tayo matuksong mawalan ng tiyaga dahil sa tagal ng gantimpalang ating inaasahan para sa ating pagtalima sa mga turo ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin

ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Ama naming bukal ng kabanalan, isugo Mo sa amin ang Iyong Espiritung Banal upang maitatak Niya sa aming mga noo ang sagisag ng kaligtasan, mapalakas ang aming pagsisikap na magtagumpay sa mahigpit na pagsubok sa buhay, at mapaputi ang aming mga kasuotan sa dugo ng Kordero, ang Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. **B – Amen!**



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, maging kalugud-lugod nawa sa iyo ang aming mga alay sa paghahain namin bilang pagpaparangal sa lahat ng mga banal at ipagkaloob mong madama namin ang pagmamalaskit sa aming kapakanan ng mga kapiling mo sa langit sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B – Itinaas na namin sa Panginoon!

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

B – Marapat na siya ay pasalamat!

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Ngayo'y niloob mong maging tampok ang mga mamamayan sa banal na lunsod. Sa lunsod naming inang Jerusalem natitipon ang mga kapanalig namin. Sa iyo'y masaya kaming dumudulog sapagkat kami'y nananalig ng lubos. Kaming sambayanan mo ngayo'y

natutuwa sa iyong pagkadakila sa aming mga kapwa. Sila'y naghahandog ng dalangi't halimbawa upang sa pagdulog nami'y di kami manghina. Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na matay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at

ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Mapalad ang may dalisay na puso at nagbibigay-daan sa kapayapaan at ang mapagtiis naman sa pahirap ng kalaban.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, sa pagsamba namin sa iyong kadakilaan bilang tanging Banal sa gitna

ng tanang mga Banal, hinihiling namin ang iyong kagandahang-loob na aming pinakikinabang kabanalan sa iyong pag-ibig na lubos upang mula sa hapag na ito ng mga naglalakbay patungo sa iyo kami'y makabagtas sa salu-salo sa langit na bayan naming totoo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan at mamuhay bilang mga banal na anak ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

(P. René T. Lagaya, SDB)

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang *Unitatis redintegratio* (Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa) na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labindalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamayanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ito ay may dalawang bahagi.

Ang ikalawa ay tungkol sa tamang pananaw sa ating mga napahiwalay na kapatid sa Kanluran. Ang ikadalawampu at ikadalawampu't isang mga bilang ay nagpapahayag ng malaking pananalig sa Panginoong Hesukristo at sa Banal na Kasulatan ng ating mga kapatid na napahiwalay. Ang mga katotohanang ito ang maaaring maging daan tungo sa panunumbalik ng pagkakaisa sa Simbahan.

**IKATLONG KABANATA:
ANG MGA SIMBAHAN AT
PAMAYANANG KRISTIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA**

**Ikalawang Bahagi:
ANG MGA SIMBAHAN AT
PAMAYANANG
NAPAHIWALAY NA NASA KANLURAN**

“Ang ating pag-iisip ay nakatuon, una sa lahat, sa mga Kristiyanong hayagang ipinahahayag ang kanilang pananampalataya kay Hesukristo bilang Diyos at Panginoon at siyang tanging Tagapamagitan sa Diyos at sa tao para sa ikaluluwalhati ng iisang Diyos, Ama, Anak, at Espiritung Banal. Batid nating maraming pagkakaiba sa itinuturo ng Simbahang Katoliko kahit tungkol kay Kristo, ang Salita ng Diyos na nagkatawa-

ng-tao, at sa kanyang gawang-katubusan, at pati narin sa hiwaga at paglilingkod ng Simbahan at ang bahaging ginagalawan ni Maria sa gawang-kaligtasan. Ngunit naga-galak tayong ang ating mga napahiwalay na kapatid ay tinitingnan si Kristo bilang bukal at puso ng pagkakaisa sa Simbahan. Ang kanilang paghahangad na makaisa si Kristo ay nagtutulak sa kanilang hanapin rin ang pagkakaisa, at maging saksi ng kanilang pananampalataya sa mga tao sa sandaigdigang.”

“Ang pag-ibig at paggalang – na para na ngang pagsamba – sa Banal na Kasulatan ay gumagabay sa ating mga kapatid tungo sa matatag at masipag na pag-aaral ng mga banal na naisulat. Dahil sa ang Magandang Balita ay ‘ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat nananampalataya – una’y sa mga Hudyo at gayon din sa mga Griego’ (Roma 1:16).”

“Habang nananawagan sa Espiritung Banal, hinahanap nila sa Banal na Kasulatan ang Diyos na nangusap sa kanila kay Kristo,

ang ipinahayag ng mga propeta, ang Salita ng Diyos na nagkatawang-tao para sa atin. Sa Banal na Kasulatan kanilang pinagninilayan ang buhay ni Kristo, pati na rin ang mga itinuro at ikinilos ng Banal na Guro para sa kaligtasan ng tao, lalo na ang mga hiwaga ng kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay.”

“Subalit kapag idinidiin ng ating mga napahiwalay na kapatid ang maka-Diyos na kapangyarihan ng mga banal na aklat ay iba ang iniisip nila sa atin – iba ang pang-unawa sa ibang paraan – tungkol sa kaugnayan ng kasulatan sa Simbahan. Sa Simbahan, ayon sa paniniwalang Katoliko, ang dalisay na tungkuling magturo ay may kakaibang lagay sa pagpapaliwanag at pagpapahayag ng nasiulat na Salita ng Diyos.”

“Kaya lamang, sa pag-uusap na ito, ang Banal na Salita ay mahalagang gamit sa makapangyarihang kamay ng Diyos para sa pagtatamo ng pagkakaisang iniaalay ng Manunubos sa lahat ng tao.”



*Word & Life Religious Store is BER Months ready!
Find the perfect gift for yourself or for your loved ones here!*

Get up to **50% OFF** on selected products and get freebies in every minimum of P150.00 per transaction!

Just click on the **SHOP** tab in our page, go to www.wordandlife.org or visit our **store** in A. Arnaiz Ave. cor. C. Rocas Ave. Makati City and see all the products that might add a deeper meaning in celebrating your holiday season this year!

FOR MORE DETAILS, JUST SEND US A PRIVATE MESSAGE OR CALL 0917-6295485
TO TALK TO ONE OF OUR SALES TEAM.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Rocas Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • **Telefax:** 8894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Marketing:** J. Feliciano • **Circulation:** R. Saldua